# Framework sa Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS: Mga Mapagkukunan ng Impormasyon sa Pag-recruit at Pagpili ng mga Manggagawa

## NDIS Workforce Capability Framework: Recruitment and Selection Resources

## Filipino

Ang Framework sa Kakayahan ng mga Mangagawa sa NDIS o NDIS Workforce Capability Framework (ang Framework) ay naglalarawan ng mga saloobin, kasanayan at kaalaman na dapat asahan mula sa lahat ng mga manggagawa na pinondohan sa ilalim ng NDIS. Nagbibigay ito ng malinaw, praktikal na mga halimbawa at nagtatatag ng isang ibinahaging wika ng 'kung ano ang hitsura ng mabuti' para sa mga kalahok na tumatanggap ng mga serbisyo at suporta ng NDIS.

Ang Mapagkukunan ng Impormasyon sa Pag-recruit at Pagpili ng mga Manggagawa (Recruitment and Selection Resources) ay nagpapayo kung paano magsagawa ng proseso ng pag-recruit gamit ang Framework. Ang hakbang-hakbang na gabay at mga template na mada-download ay mayroong dalawang bersyon, isa para sa mga tagabigay ng serbisyo (providers) at isa para sa mga kalahok (participants) na kumukuha ng kanilang mga manggagawa.

*Ang pagkakaroon ng access sa mga template at 'paano gagawin' na gabay para sa bawat hakbang ng proseso ng pag-recruit ay mahalaga para sa mga provider o kalahok na kumukuha ng mga suportang manggagawa. Ang mga template at halimbawa ay talagang nagpapakita kung paano mag-recruit para sa mga kakayahan.*

### Ano ang dapat asahan

Sinusuportahan ng gabay na ito ang mga tagabigay ng serbisyo at mga kalahok ng NDIS upang mag-recruit at pumili ng mga manggagawa habang isinasaisip ang Framework.

- **Ihanay:** Ihanay ang iyong proseso ng pag-recruit sa Framework.
- **Alamin:** Mga tip sa pag-access at praktikal na gabay sa bawat hakbang ng proseso.
- **I-access:** Mag-download ng mga template na mai-edit upang suportahan ang proseso ng pag-recruit.

## Gabay sa pagsasanay:

**Kalahok (Participant):** Si Kyle ay nag-empleyo ng kanyang sariling mga suportang manggagawa na may self-managed na NDIS package. Ginamit niya ang Position Description Builder upang itakda ang kanyang mga inaasahan at iba pang mahahalagang impormasyon bago magpatuloy sa pag-recruit kaya malinaw sa kanya ang mga kakayahan na hinahanap niya ngunit hindi siya sigurado kung ano ang mga hakbang na gagawin upang mag-recruit ng mga manggagawa o kung paano mag-interview at pumili ng mga tamang manggagawa.

Ginagamit niya ang **Recruitment and Selection Resources** upang tumuloy sa proseso ng pag-recruit, bumuo ng mga tanong sa interbyu, at makahanap ng mga manggagawa na angkop sa kanyang mga pangangailangan. Ito ay tumutulong sa kanya na pag-isipan ang ilang mga isyu na hindi niya dati pinag-isipan. Halimbawa, isinasaayos niya na interbyuhin ang mga aplikante sa isang café sa halip na sa kanyang sariling tahanan at hinihiling sa kanyang kapatid na samahan siya upang suportahan siya sa pamamagitan ng pakikinig sa mga tugon at upang bigyan siya ng pangalawang pananaw sa mga aplikante.

**Kalahok:** Si Jess ay nakikibahagi sa kanyang mga manggagawa sa pamamagitan ng isang tagabigay ng serbisyo (service provider) ngunit may matinding interes kung sino ang na-recruit sa kanyang pangkat ng pagsuporta. Hinihikayat siya ng kanyang provider na maging bahagi ng proseso at ginagamit niya ang **Recruitment and Selection Resources** upang maunawaan ang bawat hakbang upang siya ay makapagdesisyon kung kailan at paano niya nais na makisali.

Sumasang-ayon siya sa provider tungkol sa mga pamantayan na gagamitin nila upang ayusin ang mga aplikasyon at upang umupo sa panel ng pakikipanayam at sa proseso ng pagpili kasama ang HR at service manager mula sa kanyang service provider.

**Tagabigay ng Serbisyo (Provider):** Ang NDIS Care ay may mga plano na magbigay ng bagong espesyal na suporta at nais na mag-recruit ng pinakamahusay na mga manggagawa para sa trabaho, ngunit wala silang kasalukuyang proseso o mga template.

Gamit ang mga gabay at template, ang NDIS Care ay bumubuo ng isang proseso ng pag-recruit na idinisenyo upang masuri ang aplikante kung may kinakailangang espesyalisadong kakayahan pati na rin ang mga pangunahing kakayahan at iba pang mga kinakailangan. Batay sa tagumpay ng prosesong ito, nagpasya ang NDIS Care na gamitin ang gabay na ito upang suportahan ang lahat ng kanilang mga pangangailangan sa pag-recruit sa hinaharap.

Ginamit din ng NDIS Care ang **Workforce Management and Planning Tool** at **Position Description Tool** upang bumuo ng malinaw na mga kahingian bago magpatuloy sa pag-recruit.

## Pag-access at paggamit ng gabay

Ang Mapagkukunan ng Impormasyon sa Pag-recruit at Pagpili (Recruitment and Selection Resources) ay magagamit online at offline, na may mga mapagkukunan ng impormasyon na maaaring ma-download at mga template. Ang gabay ay maaaring magamit bilang mapagkukunan ng impormasyon habang ikaw ay nagpapatuloy sa mga hakbang sa pag-recruit. Maaari mong i-download ang lahat ng mga mapagkukunan ng impormasyon, kabilang ang mga template, bilang isang file o paisa-isa.

**I-access ang gabay:** Mga Mapagkukunan ng Impormasyon sa Pag-recruit at Pagpili | Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS (ndiscommission.gov.au)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Framework o sa pagpapatupad nito, bisitahin ang website**:** https://workforcecapability.ndiscommission.gov.au/.

**Makipag-ugnay sa:** workforcecapability@ndiscommission.gov.au o 1800 035 554.